Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-1 NG SETYEMBRE, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 198-T'99

KAPASIYAHANG IGINAGAWAD ANG PLAKE NG PAGKILALA KAY G. JAYSON DELOS REYES NG BAYANG ITO SA PAGKAKAMIT NG UNANG KARANGALAN SA LARANGAN NG PAGGUHIT SA NAKARAANG PHILIPPINE NATIONAL SKILLS OLYMPICS NA GINANAP NOONG IKA-21-27 NG AGOSTO, 1999 SA SUBIC, ZAMBALES.

**SAPAGKA'T,** ang pagkapanalo ni G. Jayson delos Reyes ng bayang ito sa larangan ng pagguhit sa idinaos na paligsahan para sa mga may kapansanan noong ika-21-27 ng Agosto, taong ito sa Subic, Zambales ay nagdulot ng malaking kasiyahan sa kanyang mga kababayan at karangalan sa bayang kanyang sinilangan;

**SAPAGKA'T,** isa siyang maipagmamalaki sa hanay ng mga kabataang natutong magpahalaga sa karangalan mula sa kanyang angking kakayahan sa kabila ng kanyang kapansanan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na igawad ang plake ng pagkilala kay G. Jayson delos Reyes ng bayang ito sa pagkakamit ng unang karangalan sa larangan ng pagguhit sa nakaraang Philippine National Skills Olympics na ginanap noong ika-21-27 ng Agosto, 1999 sa Subic, Zambales.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Kagalingang Paglilingkod at Pagpapaunlad at G. Jayson delos Reyes, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan